

1

“Papa, bilisan n’yo po, baka ma-late tayo,” pagmamadali ni Lora sa ama. May school program kasi ang kapatid niyang si Cathy at kasali ito sa magpe-perform.

Lumabas ang ama mula sa kuwarto nito.

“Tingnan mo nga, Anak, kung okay na itong suot ko,” nag-aalangang sabi nito, nakatungo sa suot na itim na slacks at striped na short-sleeved polo.

Nakangiting inayos niya ang kuwelyo ng ama.

“Alam mo, Pa, kahit ano pa ang isuot mo ay guwapo ka pa rin para sa akin.”

Bahagya nitong ginulo ang buhok niya. “Bolera ka talaga. O, sige na, tayo na at baka naghihintay na sa atin si Bunso.”

“Ang camera, Pa?”

“Kagabi ko pa inilagay dito sa bag. Tayo na.”

Pagkatapos ng program ay kumain sila sa isang fast food restaurant bago tuluyang umuwi.

Napalingon si Lora nang kalabitin siya ni Cathy. Sakay na sila noon ng jeep pauwi.

“Bakit?”

“Tingnan mo ’yung sapatos ni Papa, Ate,” bulong nito upang hindi marinig ng kanilang ama ang sinasabi.

Nang pasimpleng magbaba siya ng tingin ay napansin niyang medyo nakabuka ang unahang bahagi ng kabiyak na sapatos ng ama. Sumisilip na roon ang medyas nito.

“Oo nga, malapit nang masira. Hayaan mo, kapag nakaipon ako ay ibibili natin siya ng bagong sapatos,” pangako niya sa kapatid sa mahina ring tinig.

Tumango si Cathy at pagkatapos ay inihilig na ang ulo sa kanya. May nabubuong plano sa isip ng bata.

Palihim na napabuntong-hininga si Lora. Sa sobrang katipiran ng ama ay hindi na nito makuhang bumili ng bagong sapatos.

Kapapasok lang nila sa bahay nang dumating si Mang Celso, ang may-ari ng inuupahan nilang bahay. Sa labas na ito kinausap ng papa nila. Alam ni Lora na maniningil ito ng upa.

Hindi lingid sa kanya ang pagiging kapos nila sa pera ngayon. Ang naipon ng mga magulang

ay nagastos nang mamatay ang kanyang ina sa panganganak kay Cathy. Bukod doon, ilang araw na kinailangang manatili ng kanyang kapatid sa ospital dahil kulang sa buwan nang isilang ito.

Alam niya ang pagsisikap ng ama na itaguyod ang pag-aaral nila ni Cathy. Pero naiisip rin niya na nakadaragdag lalo iyon sa problemang pinansyal nila.

Nitong mga nakaraang buwan ay palaging atrasado ang suweldo ng ama. Hindi umano maganda ang takbo ng construction na pinapasukan nito.

Humahangos si Lora nang dumating sa ospital. Nalaman niya na isinugod doon ang ama. Bigla kasi siyang nawalan ng klase nang araw na iyon kaya naisipan niyang dalhan ng pagkain ang kanyang papa. Nang dumating siya sa construction firm ay nagulat siya sa balitang magsasara na iyon. Iyon ang sentimyento ng isang empleyado. Ito rin ang nagbalita na nawalan ng malay ang papa niya at dinala sa pinakamalapit na pagamutan.

Ang sabi sa nurse station ay nasa clinic ni Dr. Reyes ang ama. Gayak siyang kakatok doon nang mapansing hindi nakalapat ang pinto. Narinig niya ang pag-uusap ng nasa loob. Marahan niyang itinulak

nang kaunti pa ang pinto, pero hindi muna pumasok.

“Mang Joseph, huwag n’yo nang hayaang lumala pa ang komplikasyon n’yo sa dugo. Maaari pa natin iyang agapan, kailangan lang na magpagamot kayo.”

“Ang totoo po niyan ay kapos ako ngayon sa pera. Pagkatapos ay nagsara pa ang pinagtatrabahuhan ko. Mas gusto ko na lang na ilaan ang pera para sa mga anak ko.”

“May local organization naman po na tumutulong sa mga may karamdaman na hindi kayang magpagamot dahil sa kakulangan sa pera. Kung gusto n’yo, irerekomenda ko kayo sa mga iyon.”

“Salamat sa pag-aalala, Doc. Hayaan n’yo at ipapaalam ko sa inyo kung kailan ako handang magpagamot. Sa ngayon, kung makukuha pa naman sa simpleng reseta ay iyon na lang muna.”

Nasagi ni Lora ang pinto sa narinig at nakagawa iyon ng ingay na nakapagpalingon sa dalawang nag-uusap. Nabigla ang kanyang ama nang makita siya.

“Lora?”

Hindi siya makapagsalita, parang may malaking tinik na nakabara sa lalamunan niya. Nanlalabo na ang kanyang mga mata dahil sa luha. Patakbo siyang

umalis sa kinatatayuan. Paano niya tatanggapin ang kalagayan ngayon ng ama? Bakit ang papa pa niya? Ito na lang ang mayroon sila ni Cathy. Paano na lang sila kung pati ito ay mawawala pa?

Tumigil lang siya sa pagtakbo nang nasa labas na siya ng ospital. Ngunit patuloy pa rin sa pagdaloy ang luha niya. Umiiyak pa rin siya nang may dumantay na kamay sa kanyang balikat. Kahit hindi lumingon ay alam ni Lora na ang kanyang ama iyon.

“Anak,” umpisa nito.

Niyakap niya ito nang mahigpit. “Papa, ayokong mawala ka sa amin.”

“Shh... hindi ako mawawala sa inyo. Sabi naman ng doktor ay may pag-asa pa akong gumaling. Kaya huwag ka nang masyadong malungkot. Kapag nakaipon ako ay magpapagamot agad ako,” pag-amo nito.

Hindi siya nagsalita. Tumango na lang siya at muling niyakap ito.

Nag-aalala na sila ng kanyang ama. Malalim na ang gabi pero wala pa rin si Cathy sa bahay.

“Nasaan na kaya ang batang iyon? Dinaanan

mo ba sa classroom niya kanina?” tanong ni Mang Joseph kay Lora.

Dahil siya ang panganay ay sanay na siya sa responsibilidad niya pagdating sa kapatid.

“Opo, Papa. Pero nakaalis na daw. Cleaner nga po dapat siya kanina pero hindi daw naglinis at nagmamadaling umuwi sabi n’ung kaklase.” Gusto na niyang mataranta pero ayaw niyang lalong mag-alala ang ama.

Hindi pa ginabi ng ganito ang kapatid kahit kailan.

“Halika, Anak. Hanapin na natin at baka kung saan na napunta ’yun.”

Ini-lock muna niya ang pinto ng bahay bago nagmamadaling sumunod sa ama. May sariling susi ang kapatid. Nagtanung-tanong sila sa mga kapitbahay. May isang oras na silang naghahanap nang matanaw niya itong humahangos palapit sa kanya.

“Cathy!” salubong niya. “Saan ka ba galing, ha? Alalang-alala na kami ni Papa sa iyo.” Niyakap niya ito.

“Sorry, Ate, nakatulog kasi ako sa biyahe kaya

lumampas ako. Nakarating ako sa kabilang barangay.”

“Ikaw talaga, sinabi ko na sa ’yo na huwag kang matutulog kapag nag-iisa ka lang sa biyahe. Naglakad ka lang?” Napansin niyang medyo hinihinal ito.

“Wala na kasi akong pera, eh.”

Napailing na lang siya sa sinabi nito. “Tara na sa bahay at nang makapagbihis ka na. Makikitawag ako kay Aling Carmen. Iniwan ko si Papa sa tindahan para hindi siya gaanong mapagod. Sasabihin kong magkasama na tayo.”

Saktong nakapagpalit ng damit si Cathy ay dumating si Mang Joseph.

“Papa...” Gayak na sasalubungin ito ng yakap ni Cathy, pero nabigla silang magkapatid nang sampalin ito ng matanda. Hindi man iyon malakas ay nasaktan pa rin ang anak. Napatda si Lora sa kinatatayuan.

“Ikaw na bata ka, sumusobra ka na. Hindi mo ba alam na halos mabaliw kami ng ate mo sa pag-aalala sa ’yo. Sa susunod na umuwi ka ng ganitong oras ay sa labas ka matutulog, naiintindihan mo?” bulyaw nito sa bata.

Naluluhang tumango si Cathy at pagkatapos ay muling pumasok sa kuwarto. Agad na sinundan

ni Lora ang kapatid. Nakita niyang nanghihinang lumabas ng bahay ang ama.

Alam niyang hindi nito sinasadyang saktan si Cathy. Nadala lamang ito ng emosyon at pangamba para sa anak. Laging sinasabi ni Mang Joseph na silang magkapatid ang buhay nito. Hindi umano nito kakayanin kung may mangyaring masama sa kanila.

Nakapaghapunan na sila nang bumalik ang matanda. Kumatok ito sa kuwarto nilang magkapatid.

“Kumain ba si Bunso?” tanong nito nang patuluyin niya.

“Pinilit ko pong kumain.”

“Pagpasensyahan n’yo na ako, ha. Nabigla lang ako kanina.”

“Huwag po kayong mag-alala, Pa. Alam kong kahit nagtatampo si Cathy ay naiintindihan n’ya kayo dahil alam niyang may mali siya.” Pinagmasdan niya ang natutulog na kapatid.

Hinaplos ni Mang Joseph ang pisngi ni Cathy. “Lora, ipangako mo sa akin na kapag nawala ako, hinding-hindi kayo maghihiwalay kahit ano’ng mangyari.”

“Papa naman, huwag po kayong magsalita ng

ganyan. Gagaling kayo at makakasama pa namin kayo nang matagal.”

“Basta ipangako mo,” untag nito.

Tumango siya. “Makakaasa kayo, Papa.”

“Salamat, Anak.” Hinalikan nito si Cathy at pagkatapos ay lumapit sa kanya upang halikan din siya sa noo.

“Pa, sandali lang,” pigil niya nang palabas na ito ng kuwarto. Iniabot niya rito ang isang kahon na nakabalot pa sa isang sando bag.

“Nakuha ko po iyan sa bag ni Cathy.”

Nagtataakang kinuha iyon ng ama at tiningnan.

“Binuksan na ni Cathy ang alkansya niya para mabili kayo ng bagong sapatos. Siguradong regalo niya ’yan para sa birthday n’yo bukas. Kaya siguro siya ginabi ng uwi dahil binili niya pa iyan.”

Naluluhang tiningnan muli nito ang bunsong anak pagkatapos silipin ang bagong na itim na sapatos. Ibinigay nito iyon kay Lora.

“Hihintayin ko nang iabot niya ito sa akin bukas. Matulog ka na rin, Lora. May pasok pa kayo bukas.”

“Good night, Papa.” Iniayos niya ang regalong

binili ni Cathy at nahiga na rin sa tabi nito para magpahinga.

Iisa ang paraan na naiisip ni Mang Joseph para maitaguyod ang pamilya: ang lumapit sa kanyang ama. Pero paano kung muli siyang ipagtabuyan nito?

Ilang araw na siyang naghahanap ng bagong trabaho pero mailap sa kanya ang pagkakataon. Napabuntong-hininga siya. Malapit nang maubos ang natitira nilang pera. Paano na ang mga anak niya?

Saka na niya iisipin ang gagawin sakaling palayasin siyang muli ng amang si Fernando Go. Ang importante ay ginawa niya ang lahat para sa pamilya. Nagdesisyon siyang puntahan ito sa opisina. Bantulot na pumasok sa building si Mang Joseph.

Isang matagumpay na Chinese businessman ang kanyang ama. Ipinanganak ito sa China pero sa Pilipinas lumaki at nagkaisip. Dito rin nanirahan ang lolo at lola niya. Nasa Pilipinas ang negosyo ng mga ito. Ang kanyang ina ay isang Filipina-Chinese at galing sa mayamang pamilya. Ang lolo niya mismo ang pumili rito para sa kanyang ama.

Ang pagsasama ng mga ito ay isang kasunduan para sa ikauunlad ng negosyo. Masunurin ang

kanyang ama. Pinagbigyan nito ang kanyang lolo. Nag-iisang anak lamang si Fernando Go. Masaya ito sa kondisyon kapalit ng pagpapamana rito ng negosyo.

Dalawa lang silang magkapatid. Si Mang Joseph ang panganay at si Marisol ang bunso.

Ang dating maliit na business ay lumago nang lumago dahil sa utak at sipag ng ama. Lumaki silang magkapatid sa karangyaan. Maaaring hindi kasing-yaman ng iba, pero maalwan pa ring matatawag.

Business Management ang course na gusto ng ama na kuhanin niya. Nais ng matanda sumunod siya sa yapak nito. Ngunit sadyang wala roon ang interes niya.

Ang pangarap niya ay maging architect, ang mag-design ng mga bahay at iba pang gusali. Ipinagpilitan niya sa ama na Civil Engineering ang kursong kukuhanin. Alam niyang na-disappoint ito sa kanya pero pumayag din ito.

Ang tanging kondisyon ay sa kompanya ng ama siya magtatrabaho pagka-graduate. Ganoon nga ang nangyari. Hindi na siya nakakuha ng board exam. Agad siyang pinagtrabaho ng ama sa opisina nito. Ayon dito ay mas importante na pag-aralan niya ang

mamalakad ng negosyo. Labis man ang sama ng loob ay iginalang niya ang utos nito.

Noon niya nakilala si Sandy. Nang unang makita at saglit na makasama ito ay batid niyang ito na ang babaeng gusto niyang makasama habang-buhay. Hindi nagtagal ay naging magkasintahan sila.

Nang malaman ng ama ang tungkol sa kanila ay tumutol ito.

Purong Pilipino si Sandy, galing sa simpleng pamilya at ulila pa. Sa pagkakataong iyon ay tumanggi siyang sundin ang matandang Go. Ipinaglaban niya ang relasyon nila ni Sandy.

Sa galit ng ama ay ipinatanggal nito ang babae sa trabaho. Nagtalo silang mag-ama dahil doon.

Naroon ang ina at kapatid niya na hindi makaimik sa sagutan nila ng ama. Wala pang bumali sa desisyon ni Fernando Go sa pamamahay na iyon.

“Oras na magpakasal ka sa babaeng iyon ay huwag ka nang babalik pa dito. Itinatakwil na kita bilang anak. At huwag mong asahan na may matatanggap ka mula sa akin o kahit sa mama mo. Kalimutan mo na rin na may kapatid ka,” galit na sigaw nito.

Nagpakasal sila ni Sandy sa huwes kahit walang basbas ng kanyang ama. Ang ina at si Marisol lamang ang naroon bilang mga saksi. Simula noon ay tinalikuran na rin niya ang ama.

Nangupahan silang mag-asawa sa Laguna. Natanggap siya sa isang construction company. Si Sandy ay nagkahera sa isang maliit na grocery store.

Nang isilang si Lorabelle ay bumalik siya sa bahay ng mga magulang para ipakilala ang anak. Ngunit iniutos ng kanyang papa na huwag silang papasukin. Kahit nang mamatay ang kanyang ina ay hindi sila hinayaan ng ama na masilayan ito. Mula noon ay hindi na siya muli pang nagtangka na pumunta pa sa matanda.

Pero ngayon ay iyon mismo ang kanyang gagawin. Alang-alang sa kanyang mga anak. Kakalimutan na niya ang lahat ng hinanakit at hihingi ng tawad sa kanyang papa. Ito lang ang mapag-iiwanan niya sa mga anak sakaling mawala siya. Hindi naman siguro nito tatanggihan ang mga apo.

2

Mabilis na tinungo ni Lora ang pinto nang may kumatok. Tumingin siya sa relo, pasado alas siete na ng umaga. Baka ang papa na nila iyon. Pero bakit hindi nito ginamit ang sariling susi?

Nakatulugan na niya ang paghihintay sa ama kagabi. Alam nito na wala silang kasama ni Cathy sa bahay kaya malabong magpalipas ito ng magdamag sa labas. Hindi pa nito ginawa iyon kahit kailan.

Binuksan niya ang pinto. Nabungaran niya ang kanilang matandang kapit-bahay.

“Aling Carmen?”

“Lora, magpalit ka ng damit at may pupuntahan tayo. Gisingin mo na rin si Cathy,” utos nito.

“Saan po tayo pupunta?” nagtatakang tanong niya. Napansin niya na parang balisa ang babae at tila gustong bumulalas ng iyak. Tatanungin niya sana ito kung may dinaramdam nang lumabas si Cathy mula sa kuwarto nilang magkapatid.

“Ate, dumating na ba si Papa?” pupungas-pungas na tanong nito.

Umiling siya pagkatapos ay muling binalingan si Aling Carmen.

“Gumayak ka na, Cathy. Dadalhin ko kayo sa papa n’yo. Sige na, Lora.”

Biglang kinabahan si Lora pero hindi niya iyon ipinahalata kay Cathy. Sinabi niya rito na kailangan nilang umalis. Nagtataka man ang bata ay sumunod na lang ito.

“Nasaan po ba si Papa? Tumawag po ba siya sa inyo?” tanong niya sa matanda nang makatalikod ang kapatid.

Agad siyang niyakap ng babae. Tuluyan na itong napaiyak.

“Wala na siya, Lora.”

Nanlamig ang buo niyang katawan. Gustong niyang umiyak pero parang natuyo ang daluyan niyon..

“Sabi ng mga pulis ay na-hold-up daw ang papa mo. Sinaksak... hindi siya nakaligtas, Lora,” namamalat ang boses na paliwanag nito.

Hindi siya makapagsalita. Pakiramdam niya ay may nakabarang tinik sa kanyang lalamunan. Parang isang bangungot ang nangyayari ngayon at hindi siya

magising-gising. Gustong sumabog ng dibdib niya sa lungkot at sama ng loob.

Pagdating sa ospital ay agad silang sinalubong ng isang pulis. Kailangan umanong i-identify ang katawan. Hindi muna niya isinama si Cathy sa morgue. Pinakiusapan niya si Aling Carmen na manatili ang mga ito sa lobby ng ospital. Siya at ang pulis na muna ang bumaba sa basement.

Halos hindi siya humihinga habang papalapit sa katawang natatakpan ng puting kumot. Unti-unti niyang hinigit ang tabing sa mukha ng taong nakahiga.

Napakagat-labi siya upang pigilan ang mapabulalas ng iyak. Umasa siya kanina na nagkakamali lang si Aling Carmen. Pero ngayon ay nanghihina siya sa nakikitang anyo ng ama. Maraming gasgas at sugat sa katawan ang tinamo nito. Sa kanang bahagi ng ulo ay isang malaking tahi. Siguradong nanlaban ang ama niya sa hold-upper.

“Ate, bakit ang tagal mo naman?” ani Cathy na dere-derecho sa kinatatayuan niya.

“Pasensya na, Lora,” ani Aling Carmen, “hindi ko siya kaagad napigilan nang tumakbo siya at sumunod

sa iyo.”

“Papa?” untag ni Cathy. “Papa, bakit dito ka natutulog? Ang sabi mo uuwi ka kagabi.” Inalog nito ang isang braso ng ama. “Papa, gumising ka na. Umuwi na tayo, Papa.” Tumutulo na ang luha ng bata. Bumaling ito kay Lora.

“Ate, bakit ayaw gumising ni Papa? Bakit ang lamig-lamig ng katawan niya? Ate, gisingin mo naman si Papa para makauwi na tayo. Baka hindi pa siya kumakain. Sige na, Ate,” paulit-ulit na pakiusap nito.

Lalong napahagulhol ng iyak si Lora. Niyakap niya nang mahigpit ang kapatid. “Wala na si Papa, Cathy,” pagpapaunawa niya rito. Umiling ang bata.

Si Aling Carmen ay umiiyak na niyakap ang dalawang bata.

Tinulungan silang magkapatid ng mga kapitbahay at ng kapitan ng barangay upang maayos na maipalibing ang kanilang papa. Labis-labis ang pasasalamat ni Lora sa mga ito. Inilagak nila ang ama malapit sa puntod ng kanilang ina. Buong panahon ng burol ay naging matatag si Lora sa pagharap sa mga nakikiramay. Nang ihatid sa huling hantungan

si Mang Joseph ay saka lang muling bumaha ang kanyang luha.

Pag-uwi ay nag-ayos at naglinis silang magkapatid ng bahay. Maingat nilang inilagay sa kahon ang mga gamit nito para itabi. Napansin niyang napakatahimik ni Cathy.

“Ano ang gusto mong ulam para sa hapunan?” alo niya sa bata.

“Kahit ano na lang, Ate,” mahina nitong sagot.

Huminga siya nang malalim. Napakabata pa nila para maulila sa mga magulang. Kinausap na siya ni Aling Carmen. Ipinaalam nitong may darating na taga-DSWD bukas para sunduin sila. May nagmalasakit sigurong tumawag sa nasabing ahensya. Ang alam kasi sa kanilang lugar ay wala silang ibang kamag-anak.

Tumabi siya sa bunsong kapatid. Nakaupo ito sa kama.

“Cathy, maaga tayong aalis bukas. Pupuntahan natin si Lolo. Alam kong tatanggapin niya tayo.”

“Alam mo kung saan nakatira si Lolo? Mabait kaya siya?” nag-aalinlangan nitong tanong.

Kahit hindi sila personal na kinilala ng matanda

ay lagi silang pinapayuhan noon ng kanilang papa na huwag magtanim ng sama ng loob sa ama nito.

“May nakuha akong calling card ni Lolo sa mga gamit ni Papa. Nakalagay doon ang address kung saan siya puwedeng puntahan. May kaunting ipon pa ako. Kakasya pa iyon para sa pamasahe at pagkain natin.”

Tumayo siya at may kinuha sa lagayan nila ng damit. Ang wedding rings ng mga magulang nila. Isinabit niya ang mga iyon sa tig-isang sintas ng sapatos. Muli siyang naupo sa tabi ni Cathy at isinabit ang isa sa leeg nito.

“Ingatan mo ito, ha. Alaala iyan nina Papa at Mama sa atin,” aniya habang isinasabit sa sarili ang isa pang sintas.

“Oo, Ate.”

“Ihanda mo na ang mga damit mo, ha? Mag-empake ka na. Ako na ang bahala sa iba nating gamit. Madilim pa ay aalis na tayo para walang makakita sa atin.”

Kaunting damit at mga importanteng dokumento lang ang dala nila. Nag-iwan siya ng sulat sa lamesa para sa may-ari ng bahay. Hiniling niya na kung maaari ay ang mga gamit nila roon ang magsilbing bayad sa utang nila sa renta. Mauunawaan naman

siguro ni Mang Celso. At sana ay dumating ang panahon na makabalik siya at mabayaran ito, sakaling magdamdam ang matanda sa pag-alis nila nang walang pasabi.

Mabigat man sa loob ay kailangan nilang lisanin ang bahay na naging tahanan nila mula't mula pa.

Sa bus station ay nagpabili si Cathy ng bottled water. Tinanong niya ito kung nagugutom din pero umiling ang bata. Habang hinihintay ang binibili ay tinitingnan-tingnan niya ang mga nakasabit na diyaryo. Biglang may nahagip ang mga mata niya.

Tinitigan niyang mabuti ang larawan. Maliit lamang iyon at may kalabuan pero hindi siya maaaring magkamali. Ang Lolo Andy niya iyon.

“Heto na ang tubig mo, Ineng,” agaw ng tindera sa atensyon niya.

Inabot niya ang tubig at binayaran iyon. Pagkatapos ay binalingan niya muli ang diyaryo. Aalisin na sana niya ang diyaryo sa pagkakasabit nang may sabay na umabot doon. Parehong natigil sa ere ang mga kamay nila. Tiningnan ni Lora ang katabi.

Isang lalaki, siguro ay tatlo o apat na taon ang

tanda sa kanya. Matangkad ito, maputi, clean-cut ang buhok na bumagay sa maamo ngunit pormal nitong mukha.

“Sige, Miss, sa iyo na,” sabi nito, pagkatapos ay tumalikod na.

Nagkibit lang siya ng balikat at binili na ang diyaryo. Iniabot niya sa kapatid ang biniling tubig at saglit na binasa ang diyaryo. Nasa business section ang karugtong ng artikulo.

Binanggit doon ang address ng kompanya nito. Pareho lang sa address na nakalagay sa calling card na nasa kanya. Itinago niya ang diyaryo sa bag at bumaling kay Cathy.

“Sumakay na tayo ng bus,” aya niya sa kapatid.

Tumango ito at itinago ang bottled water sa dalang bag.

Pinili niya ang pantatluhang upuan dahil wala nang bakante sa pandalawahan. Si Cathy ang pinapuwesto niya malapit bintana.

“Ate, alam mo na ba kung paano natin pupuntahan si Lolo?” tanong ng bata, sa labas ng bintana nakatingin.

“Tama iyong address na nasa akin, magtatanong-

tanong na lang tayo pagdating doon.” Nang lumapit siya sa dispatcher kanina ay itinuro nito ang bus na may signboard na Cubao. Dalawang pasahero na lang ang kulang upang makaalis sila. Nakatingin siya sa labas ng bintana nang may maupo sa tabi niya. Nang bumaling siya ay nakita niya ang lalaking nakasabay niya sa tindahan kanina.

Nalipat ang atensyon niya sa kapatid nang bigla itong humilig sa kanya. Napangiti siya nang mapansing nakatulog na ito. Dahil siguro maaga itong nagising kanina. Nang maiayos si Cathy ay marahan siyang bumaling sa lalaki. Nakasandal ang ulo nito sa upuan habang nakatutok ang mga mata sa TV.

Hindi niya napigilan ang sarili na mapatitig sa mukha nito. *Guwapo sana, pero mukhang hindi marunong ngumiti*, naisip niya. Pormal lang ang expression nito. Maaaring iyon talaga ang personalidad nito. Puwede ring may malaki itong problema. Agad niyang kinastigo ang sarili. Pakialam ba niya kung may problema ang lalaking ito? Hindi naman niya ito kilala.

“It’s rude to stare, Miss,” biglang sita nito.

Mabilis niyang ibinaling sa bintana ang tingin. Ganoon ba siya ka-obvious sa pagtitig dito?

Nakakahiya! Bahagya siyang napanatag nang umandar na ang bus. Sana ay mabilis silang makarating para makalayo na siya sa lalaking ito.

Pinigilan ni Nick ang mapangiti. Hindi niya sigurado kung mapa-flatter o mapapahiya sa pagkakatitig kanina ng dalaga. Nang ibaling nito sa bintana ang paningin ay siya naman ang lihim na tumitig dito. Bilugan ang mukha nito, singkit ang mga mata at mamula-mula ang pisngi. Hindi niya alam kung natural iyon o dahil nahuli niya itong nakatingin sa kanya.

Tila naramdaman nitong may nakatingin dito. Lumingon itong muli sa kanya.

“Akala ko ba it’s rude to stare?” tanong nito, medyo nakaangat pa ang isang kilay.

Noon siya tuluyang napangiti. “Unfair naman kung ako lang ang napagmasdan mo.”

Inirapan siya nito. Itinuon na lang niyang muli ang atensyon sa tv.

Nagulat ang lahat ng pasahero nang biglang may pumutok. Nagsimulang mawalan ng balanse ang sasakyan.

“Ano’ng nangyayari?” kinakabahang tanong ng dalaga sa kanya habang mahigpit na yakap ang katabing bata.

“Baka pumutok ang gulong ng bus. Masyadong mabilis ang takbo ng driver,” paliwanag niya.

Naramdaman nila ang ilang beses na pagsalpok ng sasakyan sa kung saan. Bago tuluyang mapasubsob ang dalaga sa unahan ay niyakap niya ito.

“Ate, bakit nagkakagulo?” naalimpungatang tanong ni Cathy.

Bago pa makasagot si Lora ay naramdaman niyang tumagilid ang sasakyan. Napangiwi siya nang may bumagsak sa pagitan nila ni Cathy. Gamit marahil ng isa sa mga pasahero na nahulog. Tinamaan din kaya ang bata? Napakasakit ng ulo niya. Bago siya tuluyang nawalan ng malay ay mukha ni Cathy ang huling naaninag niya.

Unti-unting nagmulat ng mga mata si Lora. Nang makaramdam ng pagkahilo ay muli siyang pumikit.

“Kumusta na ang pakiramdam mo?” Boses iyon ng isang lalaki.

Muli niyang iminulat ang mga mata at inilibot

ang paningin sa paligid. Nasiguro niyang nasa emergency room siya ng isang ospital. Amoy gamot ang lugar. Nang maalala ang nangyari ay agad siyang bumangon at bumaling sa nagsalita. Ito ang lalaking katabi niya kanina sa bus.

“Gaano na ako katagal dito?” tanong niya.

“Mga apat na oras na,” tipid nitong sagot

Muli niyang inikot ng tingin ang lugar. Si Cathy? Nasaan ang kapatid niya?

Bakit wala si Cathy rito?

“Napansin mo ba ang kapatid ko? Iyong batang katabi ko kanina?” paglilinaw niya.

Umiling ito. “Hindi kasi tayo sabay-sabay na dinala dito sa ospital.”

Kinabahan si Lora. Saan naroon si Cathy? Hindi niya alam kung nahahalata ng lalaki ang pangamba niya. At bakit kaya naroon pa ang lalaki?

Tila nabasa nito ang piping tanong niya.

“Pauwi na ako nang mapansin kong napasama sa gamit ko itong bag na dala mo. Kaya hinanap kita at hinintay na magising para personal na iabot sa 'yo.” Ipinatong nito sa kanyang kama ang bag niya

na kinuha nito sa katabing upuan.

“Salamat.” Tipid niya itong nginitian. Nasaan ba si Cathy? Natatakot na siya. Pareho silang hindi pamilyar sa lugar.

Napansin ni Nick na atubili ang ngiti ng babae.

“Kailangan mo ba ng tulong?” tanong nito, hindi alam kung ano ang nagtulak sa sarili para isaboses iyon. He had an important mission sa pagbalik ng Manila. Iyon dapat ang unahin at hindi ang pagiging knight in shining armor ng dalaga. He was disappointed when she didn’t answer his question.

Nakita ni Lora na binuhat ng lalaki ang sariling gamit.

“Sige, mauna na ako sa ’yo,” paalam nito. “Iyong bill nga pala dito sa ospital ay babayaran ng kompanya ng bus.”

Nakatungong tumango si Lora. Ayaw niyang makita nito na malungkot siya. Gusto niyang habulin ito. Lalo siyang nakaramdam ng pangamba ngayong nag-iisa na siya. Unti-unting sumungaw ang luha niya. Nang itanong nito kung kailangan niya ng tulong ay nais sana niyang tumango.

Pero naisip niyang kahit gaano kabuti ang

intensyon nito, isa pa rin itong estranghero. Nang maalala ang nawawalang kapatid ay agad niyang pinahid ang luha. Bumaba siya sa higaan, kinuha ang bag at lumabas ng kuwartong iyon.

Pumunta siya sa nurse station upang humingi ng tulong sa paghahanap kay Cathy. Nasa ibang kuwarto lang marahil ang kapatid niya. Dalawang nurse ang naroon nang magtanong siya. Sinabi niya sa mga ito na isa siya sa mga pasahero ng bus na naaksidente.

Muli siyang sinuri ng mga ito. Maliban sa ilang pasa at sugat sa siko niya ay walang malalang pinsala sa kanya. Pinapirma siya ng isa sa mga ito ng discharge papers.

“Okay ka na, puwede ka nang umuwi. Gusto mo bang kontakin namin ang mga magulang mo para masundo ka nila dito?”

Hindi kaagad nakasagot si Lora. Ayaw niyang ipaalam na ulila na siya. Baka ang mangyari ay sa DSWD din ang bagsak niya. Kahit ano ang mangyari, hahanapin niya muna si Cathy.

Sinabi niya na hinahanap niya ang kapatid.

“Halika sasamahan na kita,” anang isa sa mga ito. Ipinatabi muna nito ang gamit niya sa loob ng nurse station.

“Saan ba ang punta ninyong magkapatid? Bakit wala kayong matandang kasama?” tanong ng nurse habang naglalakad sila.

“Pupunta po kami sa lolo namin. Paareho pong may trabaho ang mga magulang namin kaya kami na lang magkapatid ang bumiyahé.”

Nang tumango ito ay nakahinga siya nang maluwag. Mukhang nakumbinsi niya ito.

3

Kitang-kita ni Nick ang panlulumo ng dalaga nang lumabas ito ng ospital. Napansin niyang umiiyak ito.

Nang tumalikod siya kanina ay parang may malaking kamay na pumipiga sa puso niya. Hindi niya maintindihan kung bakit masyado siyang nag-aalala rito. Noong una ay binale-wala niya ang nararamdaman. Pero natagpuan na lamang niya ang mga paa na naglalakad pabalik kung saan maaaring naroon ito. Ipinasya niyang hintayin ito sa labas.

Nilapitan na niya ito bago pa ito makaalis. “May problema ba, Miss?” marahang tanong niya.

Pinahid nito ang luha bago siya nilingon.

“Ano’ng ginagawa mo dito? Akala ko ay umuwi ka na?” balik-tanong nito.

“May hinihintay kasi ako, pero mukhang hindi na darating,” pagsisinungaling niya. “Bakit ka umiiyak? Hindi mo pa ba nakikita ang kapatid mo?”

“Hinanap ko siya sa loob pero wala siya doon.” Muli ay sumungaw ang luha sa mga mata nito.

“Tinanong mo ba sa kanila kung may ibang ospital

na pinagdalhan sa mga kasama nating pasahero?”

Tumango ito. “Ang sabi nila ay sa police station daw ako pumunta, doon sa nag-iimbestiga sa aksidente. Doon daw ako magtanong kasi sila ang mas nakakaalam. Kaya lang,” nagyuko ng ulo ang dalaga, “ang totoo niyan ay hindi ako pamilyar dito sa Maynila. Kaya hindi ko alam kung paano ko hahanapin ang kapatid ko,” nahihiyang pag-amin nito.

“Kung okay lang sa ’yo ay sasamahan muna kita sa pupuntahan mo,” aniya.

Sinasabi ng utak niya na huwag agad magtiwala sa lalaki. Pero pakiramdam ni Lora ay mas ligtas siya kung kasama ito. Nararamdaman niyang hindi siya nito gagawan ng masama at taos sa puso ang alok nitong pagtulong. Gayunpaman ay hindi pa rin siya kaagad nakasagot.

Tumikhim ang lalaki. “Alam kong nag-aalangan kang sumama sa akin. Pero palagay ko naman ay hindi na ako ganoon ka-estranghero sa ’yo. Hindi ka taga-rito, tama ba?”

Tumango siya.

“Medyo kabisado ko itong lugar kaya gusto kitang tulungan sa paghahanap mo sa kapatid mo. Pero kung talagang natatakot ka ay naiintindihan ko. Ipapara na lang kita ng sasakyan mo papunta sa police station. Ibibilin ko na lang sa driver.”

Habang naghihintay sila ng masasakyan ay hindi na nagdalawang-isip pa si Lora. Mababawasan ang pangamba niya kung kasama niya ito. At may punto ang lalaki, hindi na ito ganoon ka-estranghero sa kanya.

“Kung hindi ako makakaabala sa ’yo, puwede mo ba akong samahan? Please? Kailangan kong mahanap agad si Cathy.”

Nakangiting inilahad nito ang kamay upang magpakilala. “Ako si Dominick Sandejas.”

Marunong pala siyang ngumiti, naisip niya.

“Lorabelle Go.” Tinaggap niya ang pakikipagkamay nito.

“Chinese ka, Lorabelle?” biglang tanong nito.

“One fourth na lang ang dugong Chinese ko. Lora ang palayaw ko.”

“Mine is Nick,” sagot nito.

Nawawalan na siya ng pag-asa na makita pa ang kapatid. Nang pumunta sila sa presinto ay napag-alaman nilang dalawa lang ang ospital na pinagdalan sa mga naaksidente. Nakahinga kahit papaano si Lora nang kumpirmahin ng mga pulis na walang nasawi sa trahedyang. Kaagad silang nagtungo sa isa pang pagamutan.

Pero wala rin doon si Cathy. Nasaan na kaya ito? Siguradong natatakot at umiiyak na ang kapatid niya sa mga sandaling iyon. Nang matanaw niya ang chapel sa loob ng ospital ay nagpaalam siya saglit kay Nick na papasok doon. Ibinuhos niya sa pag-iyak ang pag-aalala para sa kapatid.

Si Nick ay nasa bukana lang ng chapel at nakatingin kay Lora. Hindi maintindihan ng binata kung bakit hindi nito magawang iwan ang dalaga gayong mayroon itong importanteng lakad. Labis itong nag-aalala para sa babae.

Pumasok ito sa loob ng chapel at umupo sa tabi ni Lora.

“Ang mabuti pa ay ipaalam mo na ang nangyari sa mga magulang mo. Siguradong nag-aalala na sila sa inyo,” payo nito.

Lalong bumukal ang luha niya nang maalala ang mga magulang. Tinakpan niya ng kamay ang bibig upang pigilin ang mapahagulhol. Tumingin siya sa lalaki at umiling.

Agad na kinuha ni Nick ang panyo nito at iniabot sa kanya. “Ano ang ibig sabihin ng iling mo?” nagtataakang tanong nito.

Nagpunas muna siya ng mga mata bago sumagot.

“Wala na kaming mga magulang. Ang mama ko ay may sampung taon nang patay at si Papa ay kalilibing lang kahapon.”

Napabuntong-hininga ang binata sa narinig. Ulila na pala silang pareho.

“Bakit kayo lumuwas ng Maynila?”

“May pakiramdam kasi ako na ipapaampon nila kaming magkapatid. Ayokong magkahiwalay kami. Pero hindi ko akalain na ito pa ang magiging dahilan ng pagkawala niya.” Isinubsob niya ang mukha sa mga kamay at lalong napaiyak. Sinisisi niya ang sarili sa nangyari.

Naramdaman niyang niyakap siya ni Nick.

She needs me right now, he thought.

Sumandal siya sa matipuno nitong dibdib at umiyak sa damit nito. Hinayaan lang siya ni Nick, parang pinapagaan ang loob niya. Mayamaya ay marahan siyang inilayo nito upang punasan ang luha niya.

Ayaw man nitong pakawalan ang dalaga ay hindi maaari. Mayroon pa silang problemang dapat harapin.

“Wala ka na bang ibang kamag-anak na puwede nating hingan ng tulong para mahanap ang kapatid mo?”

Inilabas ni Lora ang diyaryo na binili kanina. Pagkatapos ay ipinakita sa binata ang address ng kompanya ng lolo niya.

“Alam mo ba kung paano pumunta dito?”

Natigilan si Nick nang mabasa ang pangalan ng kompanya. “Dito ba nagtatrabaho ang isa sa mga kamag-anak n’yo?”

Tumango si Lora at itinuro ang picture ng kanyang lolo.

“Siya ang lolo ko. Ama ng papa ko.”

Parang binuhusan ng malamig na tubig ang binata sa narinig. Sinadya ba ng pagkakataon ang

pagtatagpo nila ni Lora?

Napansin ni Lora na natahimik si Nick at nakatiim-bagang ito habang tinitingnan ang larawan. May nahagip siyang pagkamuhi sa mga mata nito, pero baka imihinasyon lang niya. Kaagad iyong napalis nang bumaling ito sa kanya.

“Kilala mo ba siya?” tanong niya.

Umiling si Nick at ibinalik sa kanya ang diyaryo. “Sa kanya ba kayo dapat pupuntang magkapatid?”

Tumango siya.

“Kung gan'on ay ipaalam mo kaagad sa kanya ang nangyari sa kapatid mo.”

“Puwede bang samahan mo ako ulit?” marahang pakiusap niya. “Bukod kasi sa hindi ko alam ang papunta doon ay ngayon lang kami magkikita ni Lolo. Hindi niya ako kilala.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” naguguluhang tanong nito.

“Ang sabi ni Papa ay meron silang hindi pagkakaunawaan ni Lolo kaya tumanggi siyang kilalanin kami.”

“Kaya mo bang patunayan na apo ka niya?”

Muling siyang tumango. “Sasamahan mo ’ko?” paniniyak niya.

Agad na tumango si Nick. Hindi puwedeng palagpasin ang pagkakataong ito.

Mukhang mapapabilis ang mga plano ko, anito sa sarili.

Habang sakay ng jeep ay napansin ni Nick na mukhang pagod na pagod ang dalaga. Naalala niyang bigla na hindi pa sila nagtatanghalian. Nang tumingin siya sa suot na relo ay nakita niyang mag-a-alas cuatro na ng hapon.

Saglit muna niyang kinalimutan na apo ito ni Fernando Go. Inabot niya ang ulo nito at marahang inihilig sa balikat niya. Hindi naman ito tumutol, dala na rin siguro ng pagod.

Medyo natagalan sila na marating ang building ng *G&G, Inc.* dahil ma-traffic. Lumapit sila sa information desk. Dalawang guwardiya ang naroon. Isang babae at isang di-katandaang lalaki.

“Magandang hapon po,” magalang na bati ni Lora. “Itatanong ko lang po kung saang floor ang opisina ni Mr. Fernando Go?”

“Ano ang kailangan n’yo sa kanya?” tanong ng lady guard.

“May importante kaming sadya sa kanya,” ani Nick.

“May appointment ba kayo, Sir?” tanong ng lalaking guard.

Pareho silang umiling.

“Hindi kayo papayagan ng sekretarya ni Mr. Go na makausap siya kung wala kayong appointment,” paliwanag pa ng lalaki.

“Sige na, Manong. Mahalaga lang po talaga ang pakay namin sa kanya,” pakiusap pa ni Nick.

“Huwag na kayong magpilit pa,” naiinis na sabi ng babaeng guard.

“Ganito na lang, mag-iiwan kami ng I.D. sa inyo. Payagan n’yo na kaming maghintay sa lobby,” anang binata.

“Hindi nga puwede!” Napasigaw na ang lalaking guard. “Umalis na kayo,” pagtataboy nito, hinawakan pa si Nick sa braso, gayak na hihilahin palabas.

“Ano’ng nangyayari dito?” tanong ng isang tinig.

Nang lumingon si Lora ay nakita niya ang kanyang lolo kasama ang isang lalaki na personal assistant marahil nito. Agad siyang hinila ni Nick para lumapit sa matanda. Pero pigil-pigil pa rin ito ng guard.

Tumigil sa harap nila si Fernando Go.

“Well?” hinging-paliwanag nito sa guard. Kunot-noong tiningnan sila nito.

“Pasensya na po, Sir,” anang guard na humabol sa kanila. “Nagpupumilit po silang makita kayo.”

Hindi malaman ni Lora kung ano ang unang sasabihin sa matanda.

“Kailangan po namin kayong makausap, Sir,” narinig niyang matatag na sabi ni Nick.

Bumaling dito ang kanyang lolo. Si Nick ay pilit na kumakawala sa pagkakahawak ng guard. Sinenyasan ng lolo niya ang guard na bitiwang binata.

Nang bitiwang si Nick ng guard ay hinila nito ang kamay niya at hinigit siya palapit sa kanyang lolo.

“Kasama ko po ang apo ninyo. Si Lorabelle Go.”

Tinitigan siya ng matanda.

After All - Jazmin Carena

“Ako po ang panganay na anak nina Joseph at Sandy,” pakilala niya. Napakapit siya sa braso ng kanyang lolo nang makaramdam ng pagkahilo. Para siyang kandilang nauupos. Wala na siyang naintindihan sa sinabi ng mga nasa paligid. Tuluyan nang nagdilim ang kanyang paningin.